

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sini-secure ng Brampton ang pamumuhunan ng Pederal at Lalawigan na \$7.3M tungo sa mahalagang mga upgrade para sa Brampton Transit

BRAMPTON, ON (Mayo 17, 2021) – Sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown; ang mga Konsehal ng Lungsod ng Brampton; si Maninder Sidhu, Kalihim ng Parliyamanto sa Minister of International Development at Miyembro ng Parliyamanto para sa Brampton East, sa ngalan ni Honourable Catherine McKenna, Federal Minister of Infrastructure and Communities; at si Honourable Prabmeet Singh Sarkaria, Associate Minister of Small Business and Red Tape Reduction at Milyembro ng Panlalawigang Parliyamanto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Laurie Scott, Minister of Infrastructure ng Ontario; ay inanunsyo ang pinagsamang pondo para sa pagpapalit ng Computer Aided Dispatch at mga system ng Automatic Vehicle Location sa mga bus sa Brampton Transit fleet.

Ang Pamahalaan ng Canada ay namumuhunan ng \$4 milyon sa proyekto nito sa pamamagitan ng Public Transit Infrastructure Stream (PTIS) ng plano na *Investing in Canada*. Nagbibigay ang Pamahalaan ng Ontario ng \$3.3 milyon, at ang Lungsod ng Brampton ay umaambag ng \$2.6 milyon.

Kabilang sa proyekto ang disenyo, pagtayo at pag-instala ng lahat ng mga supporting device, mga operating system, networking gear, at software para sa Computer Aided Dispatch at mga Automatic Vehicle Location system. Ang mga replacement system na ito ay iinstala sa higit sa 450 bus Work na kabilangan din ng pagpapatulad at integrasyon ng mga subsystem, kabilang ang Interactive Voice Response, data radio network, higit sa 130 electronic signs sa mga terminals at station stops, at outfitting na mga bus na may automatic na mga counter ng pasahero.

Ang karagdagan sa mga bagong system na ito ay dadagdag sa pagiging maaasahan ng datos, operational tracking, system capacity, at performance, pinapayagan ang mas magandang kalidad at mas ligtas na public transit system para sa Brampton.

Mga Link

- [Namumuhunan ang Canada at Ontario sa pinagandang public transit para sa mga residente ng Brampton](#)

Mga Quote

“Tinatanggap ng Lungsod ng Brampton itong mahalagang pamumuhunan sa ating public transit system. Ang Brampton Transit ay isa sa pinakamabilis na lumalaking mga transit network sa Canada, at ang updated na dispatch at mga teknolohiya ng behikulo ay makakapagpahusay sa impormasyon sa aktwal na oras, pagiging konektado, kalidad, at kaligtasan ng public transit sa Brampton. Inaasahan ko ang patuloy na pakikipagtulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan para maghatid ng pamumuhunan sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod. itong mahalagang pamumuhunan ay magtitiyak na ang ating transit system ay mananatiling moderno, episyente, at konektado nang mabuti. Patuloy nating titiyakin na ang Brampton Transit ay may pinaka- up-to-date na mga teknolohiya para suportahan ang araw-araw na operation nito, kaligtasan, at pag-unlad para sa bawat isa sa ating

komunidad. Salamat sa ating mga partner sa pamahalaan, staff, at mga stakeholder na ginawa itong posible.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ay nakikipagtulungan sa ating mga partner para maghatid ng pamumuhunan sa Brampton. Ang ating fleet at komunidad ay makikinabang nang malaki habang pinapalitan natin, ipinapatupad, at pinagsasama ang mga device at system na ito sa Brampton Transit.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan sa araw na ito ay makakatulong sa pagpapahusay ng imprastraktura ng public transit ng Brampton sa pamamagitan ng pag-upgrade sa pagka-maaasahan ng datos at operational tracking at capabilities. Magtitiyak ito na ang mga residente ay magkakaroon ng patuloy na access sa de kalidad at ligtas na mga opsyon ng public transit para sa mga taon na darating. Ang plano sa imprastraktura ng Canada ay namumuhunan sa libo-libong proyekto, lumilikha ng trabaho sa buong bansa, at nagtatayo ng mas malinis, mas nagsasaling mga komunidad.”

- *Maninder Sidhu, Kalihim ng Parliyamto sa Minister of International Development at Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton East, sa ngalan ni Honourable Catherine McKenna, Federal Minister of Infrastructure and Communities*

“Bilang isang lumalaking lungsod, nangangailangan ang Brampton ng ligtas, ismarte, at naa-access na transit para mapanatiling gumagalaw ang ating mga tao sa buong komunidad. Ang pamumuhunang ito ay tungkol sa patuloy na pagtayo ng modern, epektibo, at episyenteng transit para sa ating komunidad—para ang masisipag na mga pamilya sa Brampton ay magamit ang pagkakataon para sumulong.”

- *Honourable Prabmeet Singh Sarkaria, Associate Minister of Small Business at Red Tape Reduction at Miyembro ng Panlalawigang Parliyamto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Laurie Scott, Minister of Infrastructure ng Ontario*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

MGA KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

Chantalle Aubertin
Press Secretary
Office of the Minister of Infrastructure and Communities
613.941.0660 | chantalle.aubertin@canada.ca

Christine Bujold
Press Secretary
Office of the Honourable Laurie Scott, Ontario's Minister of
Infrastructure
416.454.1782 | christine.bujold@ontario.ca

Sofia Sousa-Dias
Communications Branch
Ontario Ministry of Infrastructure
437.991.3391 | sofia.sousa-Dias@ontario.ca

Media Relations
Infrastructure Canada
613-960-9251
Toll free: 1.877.250.7154
Email: infc.media.infc@canada.ca
Sundan kami sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#)
Web: [Infrastructure Canada](#)